

Balitang Manmin

BILANG 205 HUNYO 17, 2018

Ipinakita ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa Singapore, Malaysia, at Indonesia



Pagkatapos ng muling pagkabuhay at pagakyat sa Langit ng Panginoon, tumanggap ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan ng Diyos ang mga disipulo Niya. Ang mga gawa ng mga apostol ay naisulat sa Bagong Tipan. Kabilang sa mga kapangyarihang ito ay mga hindi pangkaraniwang himala na ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Apostol Pablo na nakasulat sa Ang Mga Gawa 19:11-12; halimbawa, ang mga panyo o tapis na napadikit sa katawan niya na dinadala sa mga maysakit, sila ay nagsigaling at ang mga masasamang espiritu ay nagsilayas.

Kahit ngayon, nangyayari pa rin ang mga kamangha-manghang pagpapakita ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa buong mundo sa pamamagitan ng panyong dinalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Pinatunayan nito na totoo ang nakasulat sa Biblia at ang Diyos ay buhay. Kamakailan lang, nagdaos ng mga pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa Singapore, Malaysia, at Indonesia si Rev. Dr. Heesun Lee, Tagapatnubay na Pastor ng Manmin sa Buong Mundo.

Noong Abril 8, idinaos ang unang pagpupulong sa Singapore Manmin Church. Nauna ang pagdiriwang at pagsamba para sa ika-6 na anibersaryo ng iglesya, at pagkatapos nito, ang pulong na may panyong nakapagpapagaling. Dinayo ito ng napakaraming tao na dumadalo sa mga pagsamba ng Manmin sa ibang mga lugar sa Malaysia at ng mga miyembro ng Singapore Manmin Church. Inihatid ni Rev. Dr. Heesun Lee ang mensaheng “Spiritual

Deeds” base sa aklat ng Santiago 2:22, at idinalangin ang mga maysakit gamit ang panyong may kapangyarihan ng Diyos. Pagkatapos ng panalangin, bumalik ang pandinig ng isang miyembrong ilang taon ng bingi dahil sa nabasag na eardrum, nakapagsalita din ang isang 5 taong gulang na bata. Napakaraming taong gumaling mula sa kanilang mga karamdaman tulad ng Parkinson’s disease, pamamaga ng thyroid, ‘floaters’ sa mga mata, at hindi maikilos na mga balikat.

Noong Abril 11, nagdaos ng isa pang pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa Penang Manmin Church para sa mga Bingi sa Malaysia. Sumabay sa pagsamba sa pamamagitan ng internet video ang mga miyembrong bingi mula sa labindalawang mga bansa tulad ng Thailand, Denmark, France, Germany, at Australia. Ipinangaral ni Rev. Lee ang mensaheng “The Heart of Goodness” base

sa 1 Mga Taga-Tesalonica 5:21-23 at nanguna rin siya pag-awit ng mga papuri para sa Diyos. Sumamba ang mga miyembro sa pamamagitan ng ‘sign language’ at mga sayaw. Pagkatapos ng panalangin niya para sa mga maysakit gamit ang panyo, 35 mga bingi ang pumunta sa altar para magpatotoo na nakarinig sila ng mga tunog. Marami pang ibang gumaling mula sa paralisadong kaliwang bahagi ng katawan, sakit sa balat sa buong katawan, lupus erythematosus, hirap sa paghinga, hindi mapigilang pag-ih, at allergy.

Noong Abril 14, nagdaos si Rev. Lee ng pulong na may panyong nakapagpapagaling sa Bethel Church sa Indonesia. Ipinangaral niya ang tungkol sa “Spiritual Faith and Fleshly Faith” base sa Sa Mga Hebreo 11:1-3. Nakatulong ito para magpuri ang mga tao sa Diyos habang puspos ng Espiritu at magsisi mula sa mga kasalanan nila. Pagkatapos, idinalangin niya ang mga may sakit at

nangyari ang mga kamangha-manghang pagpapagaling. Maraming gumaling mula sa kanser sa dibdib, sa daanan ng ihi, sa dugo, diabetes, epekto ng stroke, at malabong paningin.

Noong Abril 15, inanyayahan si Rev. Lee sa Hosanna Narada Church. Nakarating na sa Manmin Central Church noong taong 2017 si Pastor Dhany Satrianto na nagpapastor sa iglesya, kasama ang ibang mga pastor na kabilang sa mga iglesyang katuwang at tumanggap sila ng maraming pagpapala. Dahil sa masugid na kahilingan nila, idinaos ang pagpupulong. Inihatid ni Rev. Lee ang mensaheng pinamagatang “Blessing for Walking in the Light” (1 Juan 1:5-7) at idinalangin ang mga maysakit gamit ang panyo. May mga gumaling mula sa bukol sa dibdib, sakit sa bato, bato sa daanan ng ihi, panikip ng mga ugat sa utak, epekto ng stroke, at malabong paningin.

Noong Abril 16, nanguna siya sa Holy Spirit’s Fullness Prayer Meeting sa Manmin Church Tangerang. Ipinangaral niya ang mensaheng “Trust” (2 Mga Cronica 20:20) at namuno sa papuri at pagsisisi. Nang manalangin siya gamit ang panyo, nakatayo ang mga taong lumpo, nakapaglakad at nakatalon sila, at gumaling ang maraming mga karamdaman.

Pasalamatan at luwalhatiin natin ang Diyos na buhay na pumapatnubay sa napakaraming tao patungo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu tulad ng nakasulat sa Ang Mga Gawa ng mga Apostol sa panahong ito na puno ng kasalanan at kasamaan.



Pastor Dhany Satrianto
Direktor ng Jakarta sa pinakamalaking distrito ng Pentecostal Churches ng Indonesia

“Humanga Ako sa Ministryo ng Manmin, Diyos Lang ang Niluluwalhati Nito!”

Nadama ko ang presensya ng Diyos sa pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling. Nang manalangin si Rev. Heesun Lee para sa mga maysakit gamit ang panyong dinalangin ni Dr. Jaerock Lee, maraming gumaling mula sa kanilang mga karamdaman. Nais kong magpatuloy sa pakikipagtulungan sa Manmin Central Church. Umaasa ako na mas maraming miyembro ng iglesya ko ang makararanas ng kapangyarihan ng Diyos. Nagpapasalamat ako sa ministryo ng Manmin na lumuluwalhati sa Diyos.

Nagmumula sa Diyos ang Kapangyarihan

“Ang Diyos ay nagsalatang minsan, dalawang ulit kong narinig ito: na ang kapangyarihan ay sa Diyos”
(Mga Awit 62:11).



Dr. Jaerock Lee,

Punong Pastor ng Manmin Central Church

- Tagapangulo, The United Holiness Church of Jesus Christ
- Permanenteng Presidente, The World Christianity Revival Mission Association
- Tagapagtatag at Tagapangulo, Global Christian Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo, World Christian Doctors Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo, Manmin International Seminary
- Tagapagtatag at Tagapangulo, The Alliance Holiness Theological Seminary
- Doctorate of Ministry, Honorary Doctorate of Divinity
- Ang mga sermon niya ay naibroadcast ng Far East Broadcasting Company at ng Asia Broadcast Station

Ang mga artikulo niya tungkol sa pagiging Cristiano ay inilathala sa *The JoongAng Daily*, *The Dong-A Ilbo*, *The Seoul Shinmun*, *The Hankyoreh Shinmun*, *The Korea Economic Daily*, *The Shisa News*, at *The Christian Press*. Nagdaos siya ng mga krusada sa New York City, Washington, Baltimore, Maryland, Los Angeles, at Hawaii; sa Japan; India; Pakistan; Pilipinas; Argentina; Honduras; Peru; Russia; Germany; Kenya; Tanzania; Uganda; The Democratic Republic of Congo; Jerusalem, Israel; at Estonia.



Holy Gospel Crusade sa Uganda, taong 2000, ibinalita ito sa CNN



United Crusade sa Pakistan, taong 2000



United Crusade sa Kenya, taong 2001

Kapag ipinapakita ng Diyos ang kapangyarihan Niya palaging mabuti ang ibinubunga nito; naliligtas ang maraming mga kaluluwa at dahil dito, naluluwalhati ang Diyos. Hindi makakayang gayahin ni Satanas ang ipinakitang kapangyarihan ng Diyos sa buhay, kamatayan, tagumpay, at kasawian ng lahat ng tao kahit pilitin at pagsikapan niya. Kahit udyukan niya ang mga tao na lumaban sa Diyos, hindi niya ito magagawa. Nakalilikha ang kapangyarihan ng Diyos ng mga bagay mula sa wala. Pag-aralan nating mabuti ang kapangyarihang nagmumula sa Diyos at kung paano natin malalamang Siya ang gumagawa nito.

1. Ang katibayan ng kapangyarihan na nagmumula sa Diyos.

Ang kapangyarihang tinutukoy dito ay kapangyarihan ng Diyos na may layunin, marangal, at maluwalhati. Dahil sa kapangyarihang ito, nagagawa ng Diyos ang mga bagay na hindi nagagawa ng tao, walang imposible para sa Kanya. Ito ang dahilan kung bakit sinumang may kapangyarihan na mula sa Diyos ay nakapagpapakita ng mga tanda, himala, mga hindi pangkaraniwan at kahanga-hangang pagkilos ayon sa sukat ng kapangyarihang ibinigay sa kanila.

1) Tanda: pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos

Ang mga tanda ay tumutukoy sa mga pangyayari kung saan ipinapakita ang kapangyarihan ng Diyos na lumalampas sa limitasyon ng kakayahang o kayang gawin ng tao. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga tandang ito: nakakakita ang mga bulag; nakakapagsalita ang mga pipi; nakakadinig ang mga bingi; at nakakalakad ang mga lumpo. Kasama din dito ang paghaba ng maikasing binti para pumantay sa binting normal, nawawala ang epekto ng polio at cerebral palsy.

Para makapagpapakita ng mga ganitong tanda, dapat tumanggap ang isang tao ng kapangyarihang gumawa ng ganitong klaseng himala. Hindi ito katulad ng kaloob na pagpapagaling. Ang kaloob na pagpapagaling ay para sa pagpapagaling ng mga karamdaman na dala ng bakteryang o mikrobyo na nagagamot, tulad ng kanser at mga sakit sa baga. Pero ang mga gumagaling sa pamamagitan ng himala ay tumutukoy sa pagpapagaling ng mga karamdamang hindi kayang pagalingin ng tao at mga gamot. Gumagaling sila dahil sa kapangyarihan ng Diyos.

Halimbawa, may isang taong nasuring may malalang kanser, malapit na siyang mamatay. Dapat siya at ang pamilya niya ay kumapit o umasa sa Diyos ng may buong pagmamahal, magsisi ng lubos, at wasakin ang pader ng kasalanan. Ipakita nila ang pananampalatayang nakalulugod sa Diyos. Ang pagpapagaling ay gagawin ng isang taong nakapagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos.

Kung minsan, ang kakayahang magpakita ng mga himalang ito ay ibinibigay bilang handog o dahil sa kapangyarihan ng espirituwal na pag-ibig at pananalangin ng isang taong matuwid. Pero ang perpektong pagpapakita ng mga himala ay kung tumanggap ang isang tao ng kapangyarihan mula sa Diyos dahil naiwaksi niya ang lahat ng klaseng kasamaan, napabanal, at nanalangin ng maalab. Ito ay ginagawa nang may pusong tapat at ang mga himalang ito ay nasa antas ng kapangyarihan ng Diyos, ginagamit para maluwalhati Siya, hanggang sa muling pagbabalik Niya.

2) Kababalaghan: hindi maipaliwanag na kapangyarihang nagaganap sa kalangitan

Ang hindi maipaliwanag na kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha na nagaganap sa kalangitan ay tinatawag na ‘kababalaghan’. Kabilang dito ang pagpapagalaw ng mga bagay sa kalangitan tulad ng mga bituin sa kalawakan at pagpapabago ng pag-ulan ng yelo o tubig, hangin, ulap, temperatura, at ‘atmospheric pressure’.

Noong manalangin si Samuel, nagpadala ang Diyos ng kulog at kidlat (1 Samuel 12:18). Nanangis si Isaias sa harapan ng Diyos, pinabalik ng Diyos ng sampung hakbang ang anino sa hagdanan (2 Mga Hari 20:11). Nang manalangin si Elias, hindi umulan sa loob ng tatlo at kalahating taon, at nang manalangin siyang muli, nagpaulan ang Diyos (1 Mga Hari 17-18; Santiago 5:17-18). Lumalampas sa batas ng kalikasan ang pagpapagalaw ng araw, buwan, o mga bituin sa mga pangyayaring ito. Mangyayari ito kung tama ang kondisyon at tiyempo. Kaya kahit gaano kalaki ang kapangyarihan ng isang tao, hindi niya dapat pigilan ang araw o ang buwan kahit anong oras niya maisipan. Kung mayroon siyang ganito kalaking kapangyarihan, dapat niyang matanto ang puso at kalooban ng Diyos. Kaya hindi niya dapat ipakita ang kapangyarihang tulad nito kung kailan niya magustuhan.

3) Hindi pangkaraniwang mga himala at mga bagay na kapansin-pansin

Sa Biblia, may mga nakasulat sa Ang Mga Gawa 19:11-12 tungkol sa hindi pangkaraniwang mga himala. Sinasabi, “Gumagawa ang Diyos ng mga di-pangkaraniwang himala sa pamamagitan ng mga kamay ni Pablo, kaya’t nang ang mga panyo o mga tapis na napadikit sa kanyang katawan ay dinala sa mga maysakit, nawala sa kanila ang mga sakit, at lumabas sa kanila ang masasamang espiritu.” Ang halimbawa ng kapansin-pansing mga bagay ay ang Sampung Salot na dumating sa Ehipto sa pamamagitan ni Moises at ang pagpapagaling ng isang taong lumpo (Lucas 5:17-26). Ang mga hindi pangkaraniwang himala at kapansin-pansing mga bagay na ito ay maipapakita sa iba’t ibang paraan at anyo ayon sa kapangyarihan ng Diyos.

Sa iglesya namin, maraming tao na ang napagaling mula sa iba’t ibang karamdaman. Ang mga taong hindi nakakapaglakad ay nakapaglakad at nakatalon; lumayas ang masasamang espiritu, luminaw ang mga paningin at pandinig, dahil sa panalangin may panyo. Dahil sa mga kamanghamanghang pangyayaring ito, napakaraming tumanggap sa Panginoon, niluwalhati nila ang Diyos (Basahin ang mahahalagang patotoo sa pahina 1 at 4).

2. Mga pagpapatunay na nagmumula sa Diyos ang kapangyarihan.



United Crusade sa India, t



Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyong, at sa walang

hanggang Langit.

5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles’ Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito. “Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)
“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Balitag Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: <http://www.manmin.org/english>
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Tagalog



taong 2002, 3 milyong tao ang dumalo



Mga taong nagpatotoo tungkol sa kanilang paggaling sa United Crusade sa India



At kung tutukuyin ang particular na kapangyarihan ng Diyos sa buhay at kamatayan, binubuhay ng kapangyarihan Niya ang mga patay na ugat at selula.

Sa aklat ng Juan kabanata 9, binuksan ni Jesus ang mga mata ng isang lalaking ipinanganak na bulag. Ibinalik Niya ang paningin ng ilang mga bulag at pandinig ng mga bingi. Ang mga ganitong klaseng pagkilos ay hindi ginawa ng mga lingkod ng Diyos sa panahon ng Lumang Tipan o ng mga disipulo ni Jesus sa Bagong Tipan. Tanging si Jesus lang ang may ganitong klaseng kapangyarihan.

Aksidenteng natapunan ng kumukulong tubig mula sa kaldero si Punong Diakonesa Eundeuk Kim (namatay noong 92 taong gulang na siya), sa buong katawan. Matindi ang pagkasunog na natamo niya. Imposibleng magamot pa siya, hindi siya mabubuhay. Pero tinanggap niya ang panalangin ko, nawala ang init sa katawan niya. Idinalangin ko siya araw-araw, bumalik ang kinis ng balat niya, at nagkaroon ng mga bagong ugat. Naging sugat ang sunog na balat sa katawan niya, parang balat ng punungkahoy, at ng natanggal ito, mayroong bagong makinis na balat. Paulit-ulit na nangyari ang prosesong ito, ang katawan niyang imposibleng manumbalik sa dati ay naibalik sa loob ng tatlong buwan. Ibinalik ng Diyos ng pag-ibig ang makinis na balat niya, walang peklat.

3) May kapangyarihan ang Diyos sa paglikha

1) Ang kapangyarihan ng Diyos ay nangingibabaw sa buhay at kamatayan ng mga tao

Nasa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos ang buhay, kamatayan, tagumpay, at kasawian. Kaya kung mayroong isang taong bubuhay sa patay, Diyos ang kumilos dito. Binuhay ni Elias ang anak na lalaki ng babaing taga-Zarefta (1 Mga Hari 17:17-24). Binuhay ni Eliseo ang anak na lalaki nang babaing Sunamita (2 Mga Hari 4:32-37). Nang sabihin ni Apostol Pedro, “Tabita, bumangon ka,” kahit patay na, bumukas ang mga mata niya, nakita niya si Pedro at naupo siya (Ang Mga Gawa 9:40). Binuhay ni Apostol Pablo si Eutico na nahulog mula sa ikatlong palapag at namatay (Ang Mga Gawa 20:9-12). Apat na araw ng patay si Lazaro, sumigaw si Jesus sa labas ng libingan niya, “Lazaro, lumabas ka!” At lumabas nga siya, nakatali pa ang mga kamay at mga paa ng telang panlibing (Juan 11:43-44).

Nang isumpa sila ni Pedro, namatay si Safira at Ananias (Ang Mga Gawa 5:1-11), nalanta at natuyo ang puno ng igos na walang bunga dahil sinabi ni Jesus (Mateo 21:19). Dahil sa sumpa ni Eliseo, nilapa ng dalawang osong babae ang 42 kabataan (2 Mga Hari 2:23-24). Kung isusumpa ng isang taong may kapangyarihan ng Diyos ang isang tao, mangyayari sa taong ito ang sumpa. Mangyayari lang ang kapangyarihang may kinalaman sa buhay at kamatayan ayon sa kapangyarihan ng Diyos.

2) Binubuhay ng kapangyarihan ng Diyos ang patay na mga selula at mga ugat

Nilikha ng Diyos ang langit at lupa, at ang lahat ng bagay na narito sa pamamagitan ng Salita Niya. Ang kapangyarihang lumikha ay mangyayari sa mga salita ng mga taong binigyan ng Diyos ng kapangyarihan. Kasama sa kapangyarihang lumikha ang mga bagong buto o laman ng tao, maiiksing binti na humahaba. Ang mga pagkilos tulad nito na nagmumula sa wala ay mga halimbawa ng ganitong klaseng kapangyarihan.

Sa 1 Mga Hari 17:8-16, tumanggap ang balo ng Zarefta, na nagbigay ng pagkain kay Elias, ng ‘tapayan ng harina na hindi nagkukulang at banga ng langis na hindi nauubos’; nang magbasbas si Eliseo, lahat ng sisidlan ay napuno ng langis (2 Mga Hari 4:1-7); ginawa din ni Jesus ang himala ng limang tinapay at dalawang isda (Mateo 14:15-21). Lahat ng ito ay nangyari sa pamamagitan ng salita. Gaya ng pagpapagaling ni Jesus sa alipin ng senturion sa pamamagitan ng salita Niya, kabilang ito sa kapangyarihang

paglikha sa salita na lumalampas sa lugar at panahon (Mateo 8:5-13).

3. Pinapatunayan ng mga nagpapakita ng kapangyarihang ito na nagmumula ito sa Diyos.

Kung nagpapakita ang isang tao ng kapangyarihang lumikha na may kinalaman sa buhay at kamatayan at kumikilos sa mga bagay na tanging Diyos na Manlilikha lang ang makagagawa, nagpapatunay ito na ang taong ito ay lingkod ng Diyos. Sa Biblia, ipinapakita ng mga taong may mabuting puso at banal ang kapangyarihan ng Diyos.

Kabilang sa mga taong ito si Moises, na higit na mapagpakumbaba sa lahat ng tao dito sa mundo at tapat sa buong sambahayan ng Diyos; ang pumalit sa kanya na si Josue; si Elias, na dinala ng buhay sa langit, at ang disipulo niyang si Eliseo; Si Diakono Esteban, na nagpakita ng pinakamataas na antas ng kabutihan, idinalangin niya ang mga taong bumabato sa kanya, at si Apostol Pablo.

Hindi pinapakinggan ng Diyos ang mga makasalanan; pero nakikinig Siya sa mga may takot sa Kanya at sumusunod sa kalooban Niya (Juan 9:31; Mga Awit 66:18). Kung may pader tayo ng kasalanan sa harapan ng Diyos, hindi tayo makahaharap sa Kanya at hindi natin tatanggapin mula sa Kanya ang minimithi ng puso natin. Bukod dito, kung ang isang taong tumanggap ng kapangyarihan ay nagtayo ng pader laban sa Diyos, wala siyang lakas ng loob na humiling sa Diyos, at hindi rin sasagutin ang panalangin niya.

Kung nagpapakita ang isang tao ng kapangyarihang nagmumula sa Diyos, nagpapatunay ito na lingkod siya ng Diyos, at kilala siya ng Diyos.

Kung makakakita kayo ng makapangyarihang pagkilos na hindi kayang gawin ng tao, dapat matanto ninyo na Diyos ang kumilos, nagpapatunay ito ng presensya ng Diyos. Kaya kapag may isang taong nagpakita ng kapangyarihan ng Diyos, maniwala kayo sa kanya dahil sa kapangyarihang ipinakita niya. At kahit hindi ninyo magawang maniwala sa kanya, paniwalaan ninyo ang ginawa niya (Juan 14:11).

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang kapangyarihan ay nagmumula sa Diyos. Napakarami ng ipinakitang kapangyarihan sa iglesyang ito sa loob ng 36 na taon at naluwalhati ang Diyos dahil sa mga ito. Sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ito, naibalita namin ang tungkol sa Diyos na Manlilikha, naihatid ang tungkol sa ebanghelyo ni Jesu-Cristo at ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa buong mundo.

Idinalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maipakita ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ninyong mga banal at umaasa sa kapangyarihang ito.



“Binago ako ng salita ng buhay, nagkaroon ako ng tunay na kagalakan!”

Diakono Kwanhong Park, 49 taong gulang, Parokya 32, Manmin Central Church



Noong taong 2010, naglingkod ako bilang pastor sa isang Cristianong organisasyon na nagmimisyon, walang denominasyon ito. Isang araw, binigyan ako ng asawa kong si Diakonesa Sungwon Chun ng isang makapal na talaan ng mga sermon.

Pinag-aralan niya ang Aklat ng Pahayag, gusto niyang madagdagan ang kaalaman niya tungkol sa 12 mahalagang batong pundasyon. Hinanap niya ito sa internet at nakita niya ang mga pagtuturo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee tungkol sa Aklat ng Pahayag. Nasagot ng mga pagtuturo ang katanungan niya, kaya sinimulan niya ang pakikinig sa iba pang sermon. Inipon niya ang mga sermon at pinag-aralan. Binigyan niya ako ng mga kopya.

Binasa ko ang mga ito, Pagtuturo tungkol sa Genesis, Pahayag, aklat ni Juan, at Sukat ng Pananampalataya. Nasagot din ang mga tanong ko tungkol sa Halamanan ng Eden at UFO. Humanga ako sa paliwanag tungkol sa magkakaibang sukat ng pananampalataya ng bawat tao ayon sa Mga Taga-Roma 12:3. Namangha at naantig ang puso ko sa sinabing maninirahan tayo sa magkakaibang tirahan sa langit ayon sa sukat ng pananampalataya natin at sa detalyadong pagsasalawanan ng langit at impiyerno.

Kung titingnan, parang banal ang buhay ko, pero ako mismo ay nalulungkot dahil sa mga kasalanang ginagawa ko. Palagi ko na lang pinagsisisihan ang mga ginawa kong kasalanan, pero hindi pa rin lubos na malinis ang puso ko kahit marami akong alam tungkol sa Salita. Pero sinabi ni Dr. Lee na pwede nating iwaksi kahit ang mga kasalanang likas. Nakakabigla ito, nagbigay ito sa akin ng malaking pag-asa. Nagpapanggap na banal ang mga tao, itinatago nila ang kanilang kasamaan, malinis sa panlabas. Pakiramdam ko, tapat at totoo si Dr. Lee, wala siyang itinatago.

Pagkalipas ng dalawang taon, nanaginip ang asawa ko, nakita daw nya si Dr. Lee, nilutas daw nito ang problema niya. Sinabi niya na natanto niya ang kahulugan ng Mateo 7:21 na nagsasabing, “Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin, ‘Panginoon, Panginoon,’ ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit.” Niyaya

niya akong pumunta agad sa Manmin Central Church.

Hindi ako mapalagay sa pagpunta doon, matatag ang pagmimistryo ko noong panahong iyon. Habang idinadalangin ko ang tungkol dito, naging mapayapa ang kalooban ko, narinig ko ang Banal na Espiritu na nagsasabi sa akin na pumunta ako, magiging maayos ang lahat. Noong Enero 2013, isinantabi ko muna ang lahat ng bagay at nagrehistro ako at ang asawa ko bilang miyembro ng Manmin.

Nang makaharap ko ng personal ang mga miyembro ng iglesya, nakita ko na malago ang mga pananampalataya nila. Nananalangin sila gabi-gabi, at nagsisikap sumunod sa Salita ng Diyos. Mas mainit pa ang pananampalataya nila kaysa sa mga pastor ng ibang iglesya.

Naisip ko, ni hindi umabot sa antas ng pananampalataya ng mga miyembro ang pananampalataya ko kahit nagtuturo na ako ng Salita ng Diyos sa mga mananampalataya. Nagpakababa ako, parang nagsisimula ulit bilang mananampalataya, sinikap kong sumunod sa Salita. Noong taong 2014, sumali kami ng asawa ko sa Shalom Choir.

Magmula ng maging miyembro ako ng Manmin, mapayapang kagalakan ang ibinibigay sa akin ng Banal na Espiritu, napupuspos ang puso ko. Magagalitin ako dati dahil sa pagmamalinis at sariling opinyon, pero ngayon, unti-unti kong binabago ito. Mas naging mabait din ang asawa ko. Hindi ko tiyak noon kung maiwawaksi ko ang mga kasalanan ko, pero malinaw na sinasabi ng 1 Pedro 1:16, “Sapagkat nasusulat, ‘Kayo’y maging banal, sapagkat Ako’y banal.’” at ng 2 Pedro 1:4, “at maging kabahagi kayo sa likas ng Diyos.” Pero habang hindi ako humihinto at umaasa sa Banal na Espiritu at pinanghahawakan ang salita, nagsimulang magbago ang buhay ko.

Noong Nobyembre 2016, naranasan ko ang espesyal na proteksyon ng Diyos. Habang nagmamaneho ako sa expressway, nakasagasa ng bakal na hugis L ang kotseng katabi ko. Kamuntik na nitong tamaan ang salamin ng kotse ko, pero naligtas ako.

Dinala ako ng Diyos sa Manmin Central Church, at naniniwala ako na magagawa kong tularan ang puso ng Panginoon sa pagsunod ko sa salita ng buhay. Ibinibigay ko sa Kanya ang lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian.

Mga Patotoo Mula sa Singapore, Malaysia, at Indonesia

“Nakapaglakad ako ng walang tulong!”

Lin Mei, 50 taong gulang, Singapore



Noong Enero 2018, naaksidente ang kotseng sinasakyan ko, nabasag ang mga buto ko sa mga binti at tuhod. Inoperahan ako sa isang ospital, pero hindi pa rin ako makapaglakad ng walang tulong. Pero noong Abril 8, tinanggap ko ang panalanging may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12), lumakas ang mga binti ko.

Nakapaglakad ako ng walang tulong! Hallelujah!



“Nakarinig ang kanang tainga ko!”

Ling Shu Lan, 27 taong gulang,
Sibu Deaf Manmin Church, Malaysia



Ipinanganak akong bingi, sa kanang tainga lang ako nakaririnig ng kaunting tunog sa tulong ng hearing aid. Noong Abril 11, tinanggap ko ang panalanging may panyo. Noong sandaling iyon, bumaba sa akin ang apoy ng Banal na Espiritu, uminit ang pakiramdam ko. Umunit din ang kanang tainga ko. Magmula noon, nakakarinig na ako kahit walang hearing aid! Hallelujah!

“Nakalaya ako mula sa hindi maipaliwanag na pananakit ng mga paa, hindi ko na kailangang gumamit ng tungkod!”

Yan Saimima, 74 taong gulang,
Manmin Church Tangerang, Indonesia

Bago matapos ang taong 2017, pinutol ang kaliwang binti ko dahil sa isang aksidente. Gumamit ako ng artipisyal na binti pero hindi ko matiis ang hindi maipaliwanag na pananakit araw-araw, sa umaga at gabi. Hindi ako makapaglakad ng walang tungkod. Noong Abril 16, nang tanggapin ko ang panalanging may panyo, parang may humaplos sa kaliwang binti ko. Nawala ang pananakit, nakapaglakad ako ng maayos at walang tungkod. Hallelujah!



Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

Manila Manmin Holiness Church

168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Bataan Manmin Holiness Church

067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

Isabela Manmin Holiness Church

Purok 3, Brgy. San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Cavite Manmin Holiness Church

5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen. Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

Imus Manmin Holiness Church

Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

Cebu Manmin Holiness Church

LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

Davao Manmin Holiness Church

301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714